BIOTEST

Your reliable home test kits series

Kidney Function Test Kit

Product Code 9 555223 208074
For in vitro diagnostic and self-testing use
Store at (15-30ºC)

Paraan ng pag-gamit
Basahin mabuti ang ang mga impormasyon sa papel na ito bago gawin ang test. Siguraduhin i-check ang packaging para sa expiration date, huwag ng gamitin ang test kit kung nakalipas na ang petsa na nakatatak sa packaging foil. Huwag ilagay ang strips sa refrigerator o freezer sapagkat ito ay sensitibo sa matataas at mababang temperatura, iwasan rin na mabasa ito. Gamitin kaagad ang strip pagkatapos itong buksan.

Prinsipyo ng Test
Ang bato o kidney ay hugis bean na organ, ang bawat isa ay maihahambing sa sukat ng iyong kamao. Matatagpuan ito sa bandang gitna ng ating likuran at sa baba ng ribs o buto buto. Ang bato (kidney) ang nagtatanggal o nagsasala ng sobrang tubig at basura sa ating katawan nailalabas natin ito sa pamamagitan ng pag-ihi. Ang isang adult ay naglalabas ng 0.8 hanggang 2.6 na litro ng tubig kada araw, depende sa dami ng nakonsumong likido o tubig. Mayroong milyun-milyong nephrons ang matatagpuan sa loob ng bato, trabaho nilang salain ang anumang likido. Kung ang isang tao ay may sakit sa bato, kadalasan sinisira nito ang mga nephrons na siyang nagiging dahilan upang masira ang normal na.

Kung ikaw ay may Kidney Failure maaaring mapektuhan ang mga sumusunod na tungkulin ng iyong bato (kidney).

1. Kakayahan sa pagsala
Ang normal na nephron ay nagsisilbing hadlang para sa pulang mga selula ng dugo. Kung mawawala ang kakayahan ng nephron na hadlangan ito ang protina ay makikita sa ihi. Dahil ang protina ang siyang unang nakikita at ang red blood cells ay sa huli na ang pagsusuri ng protina sa ihi ay maaaring makatulong upang tukuyin ang problema sa bato o Kidney Failure.

2. Konsentrasyon ng ihi
Pagkaraan salain, sisipsipin ng kidney ang halos 99% ng mga nasala pabalik sa dugo upang mapanatili na may tubig sa katawan. Kung mawawala ang kakayahang ito ang ibig sabihin ay maaaring maubos ang tubig sa katawan, isa sa malinaw na senyales nito ay ang madalas na pag-ihi at ang paglabnaw ng ihi. Ang specific gravity test ay nagsisilbing panukat upang tukuyin ang konsentrasyon ng ihi.


3. Removing by-products
Ang pangunahing gawain ng bato ay ang tulungan ang katawan para mailabas ang mga sobrang dumi sa ating katawan gaya ng urea at creatinine, ang mga ito ay karaniwang makikita sa ihi na may mataas na konsentrasyon. Kung ang lebel nito ay mababa ang ibig sabihin ay hindi ito nasasala maigi ng mga bato at mananatili lamang ito sa ating dugo. Ang urea ay dumi na dulot ng protina habang ang creatinine naman ay dulot ng metabolismo ng enerhiya sa kalamnan. Alinsunod, ang konsentrasyon ng urea ay dala ng sobrang pagkonsumo ng mga pagkain na may mataas na bilang ng protina. Dahil diyan ang creatinine ay itinuturing na mas tiyak na test upang matukoy ang kidney failure.

Ang Biotest Diabetes Test Kit ay mayroong dalawang (2) dip-and-read na strips, ang pangunahing gamit nito ay suriin ang creatinine, protein at specific gravity sa ihi upang tukuyin ang maayos na pagtatrabaho ng mga bato.

Mga pag-iingat at babala
- Basahing mabuti ang lahat ng impormasyon sa papel na ito bago gawin ang pagsusuri
- Huwag ng gamitin ang test kit kung ito ay ay expired na
- Kung ang pakete ay hindi selyadong maigi huwag na itong gamitin.
- Ang test kit ay sensitibo sa temperatura hindi ito dapat buksan sa lugar na sobrang lamig at sobrang init. Dapat buksan ito sa room temperature lamang
- Gawin ang test sa lugar kung saan may sapat na liwanag
- Kailangan gamitin agad ang test kit kung nabuksan na ang packaging foil nito
- Huwag hawakan ang test area, ito ang pinaka importanteng parte ng strips na ilulubog sa specimen o ihii. Laging tandaan na ito ay sensitibo, kung hindi susundin ang mga babala maaaring maapektuhan ang ilalabas na resulta.
- Gamitin ang kasamang cup at itapon pagkatapos gawin ang test
- Ang pouch ay may kasamang silica gel upang maiwasan ang moisture. Huwag itong buksan at itapon kasama ng mga ginamit sa test.
- Huwag itong ilagay sa Freezer o pagyeluhin
- Pagkaraan gawin ang test, pagsama samahin ito at saka itapon. Huwag kalimutang maghugas ng kamay
- Ang natirang ihi ay itapon sa toilet bowl
- Siguraduhing hindi maaabot ng mga bata
- Ito ay hindi iniinom at ginagamit lamang externally

Paano gamitin
Gamitin ang collection cup na kasama sa package upang kunin ang ihi. Mahalagang i-test kaagad ang ihi pagkatapos itong kolektahin gamit ang collection cup. Dapat sundin ng maigi ang mga steps na ito upang makuha ang inaasahang resulta.

1. Ihanda ang nakuhang ihi
2. Tanggalin ang strip mula sa pouch o supot. Maging pamilyar sa mga posisyon ng reaction area ng ketone at glucose. Ang kulay beige ay para sa ketone at ang green ay para sa glucose. Tignan maigi ang colour chart sa box.



3. Sikaping maging pamilyar sa colour chart na matatagpuan sa kahon ng BioTest Test Kits
4. Ilubog ang reaction area ng test strip sa ihi ng hindi hihigit sa isang (1) segundo.
5. I-angat mula sa pagkakalubog sa ihi ang dipstick at ipagpag ito sa gilid ng cup upang matanggal ang sobrang ihi iilapat ito sa colour chart na matatagpuan sa box, nakalarawan sa box kung saan ito dapat ipatong siguraduhin hindi nakataob ang pagkakalagay.
6. Hayaan lang muna ang strips sa loob lamang ng tatlumpung (30) segundo upang mag reak ang mga ihi sa test strips
7. Ikumpara ang resulta sa mga kulay na nakikita sa colour chart sa box. Habang ikinukumpara panatilihin sa pahalang na posisyon ang strip upang maiwasan ang maghalo ang kulay ng 2 color box sa strip
8. Tukuyin ang may pinakamalapit na kulay sa colour chart. Kung ang pagbabago ng kulay ay nakita lamang sa mga gilid ng reaction area maaaring may pagkakamali sa ginawang proseso, ulitin ang test. Ang resulta ay hindi na balido pagkalipas ng anim-napung (60) segundo.

Resulta
Makukuha ang resulta sa pamamagitan ng pagkukumpara ng nakuhang kulay sa mga kulay na naka-print sa kahon ng Biotest Test Kit. Tignan ang gabay sa baba para sa interpretasyon at rekomendasyon

Resulta para sa Protein	Interpretasyon
Negatibo	Walang nakitang protein sa ihi
Bakas	Kung minsan ang bakas ng protein ay maaaring normal lamang. Ulitin ang test pagkatapos ng ilang oras. Kung ang resulta ay pareho kumonsulta agad sa doktor. Kung minsan ang protein ay kaugnay sa Urinary Tract Infection. Para makasigurado maaari itong suriin gamit ang Biotest Urinary Tract Infection Test Kit o di kaya ay kumonsulta sa doktor.
+ ++ +++ ++++	Ang resultang ito ay hindi normal. Maaaring may problema ang iyong kidney o bato. Kumonsulta agad sa iyong doktor. Kung minsan ang protina ay kaugnay sa Urinary Tract Infection. *Para makasigurado maaari itong suriin gamit ang Biotest Urinary Tract Infection Test Kit o di kaya ay kumonsulta sa doktor.*

Resulta para sa Creatinine	Interpretasyon
Negative +	Ang resultang ito ay nagpapahiwatig na ang creatinine ay hindi nasasalang mabuti. Kumonsulta agad sa iyong doktor.
++ +++ ++++ +++++	Ang resulta ay normal. Maayos na nagta-trabaho ang mga bato upang linisin ang mga dumi sa katawan.

Resulta para sa Specific Gravity	Interpretasyon
+ ++	Malabnaw ang ihi, mas makabubuting ulitin ang test pagkalipas ng 2 hanggang 3 oras, siguraduhing iwasan munang uminom ng maraming tubig o anumang likido sa panahon na gagawin ang test. Kung parehong resulta ang makuha maaaring may problema ka sa bato mas makabubuting kumonsulta agad sa doktor upang masigurado ito.
+++	Ito ay ang parehong timbang na espesipiko para sa pinagsalaan . Ikaw ay pinapayuhan na ulitin ang test ng ibang oras ng araw. Kapag patuloy pa rin ikaw ay nakakaranas ng problema sa concentration kakayahan ng iyong mga bato , dapat kang humingi ng medikal na payo.
++++ +++++ ++++++	Ang resulta ay normal.
+++++++	Ayon sa resulta ang iyong mga bato ay nasa maayos na pagta-trabaho ngunit masyadong konsentrado ang ihi, maaaring may prolema bato. Ito ay kaugnay rin ng mataas na konsentrasyon ng glucose, dapat na suriin ito gamit ang Biotest Diabetes Test Kit upang makasigurado o di kaya ay kumonsulta sa iyong doktor.

Payo

Ang Biotest Kidney Function Test Kit ay unang gabay lamang para matukoy ang lebel ng glucose at ketones. Mayroong mga limitasyon ang test kung saan maaaring maapektuhan ang resulta nito. Ang mga sumusunod na gamot ay.

Ang mga sumusunod na gamot ay maaaring makaapekto sa makukuhang resulta ng protina acetazolamide, aminosalicylic acid, aspirin, barbiturates, cephalosporins, cephaloridine, chlorpromazine, corticosteroids, iodins contrast medium, mercurial diuretics, penicillins, phenazopyridine, promazine, hydrochloride, radiographic contrast media, sodium bicarbonate, sulfisoxazole, sulfonamides, thymol, tolbutamide at tolmetin sodium. Para naman sa creatinine ay ang mga sumusunod na gamot amphotericin B, anabolic steroids, androgens, ascorbic acid, barbiturates, capreomycin sulfate, carbutamide, cefoxitin sodium, cephalotin sodium, chlorthalidone, clonidine, colistin sulfate, dextran, doxycycline hyclate, kanamycin, levodopa, methyldopa, methyldopate hydrochloride, para-aminohippurate, phenolsulfonphthalein, sulfobromophthalein at thiazides. At ang huli para sa specific gravity ay ang mga sumusunod intravenous dextran, radiopague dye, drugs associated for treating acidic urines, fluid therapy at diuretics.

Kung ang nakuhang resulta ay nagsasabing may problema ka sa iyong mga bato, ipinapayo namin na kaaagad na magpasuri sa doktor. Kung ang resulta naman ay negatibo ngunit mayroong nararanasang sintomas, siguraduhin din kumonsulta agad sa doktor o di kaya ay gawin muli ang test isang beses sa loob ng anim (6) na buwan.

Dapat maunawaan na ang Biotest Test Kits ay paunang screening at gabay lamang. Hindi ito naglalayon na tukuyin na ikaw ay positibo kaagad sa anumang sakit. Kumonsulta sa doktor upang kompirmahin ang nakuhang resulta.

pamamagitan ng Atlas Medical
William James House, Cowley Road, Cambridge, CB4 0WX, UK
BIOTEST is a trademark of Bio-gro Sdn Bhd.
Visit www.bio-test.info

If there is any inconsistency or ambiguity in any of the languages or translations in this Instruction for Use (IFU), the English Language version is the authoritative version.

ISO 639-2 Code	Language
ENG	English Language
MAY	Bahasa Malaysia
CHI	Chinese Language
PHI	Philippine Language
THA	Thai
ARA	Arabic